



Mga pagbabago sa pagsumite ng inyong Offer to Purchase para sa Negotiated Sale sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine (ECQ), Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ), Heightened GCQ at GCQ:

1. Sagutan ang **Registration form** at ang **Offer to Purchase (OTP) forms** (malinaw ang pagkakasulat upang maayos na *ma-encode* ang inyong registration sa aming system). Ang mga nasabing forms ay inyong makikita sa aming website sa <https://www.pagibigfund.gov.ph/acquiredassets.html> (*Properties Under Negotiated Sale - NCR Branch*) at e-click ang **“click here to open complete details”**. I-print ang mga nasabing forms at basahin ang mga panuntunan sa pagbili ng mga *acquired assets*.

Paalala: Dahil sa limitadong *face to face transaction* at sa kasalukuyang pandemya na dulot ng Covid-19, wala pong ipinamimigay na forms sa aming opisina. Ang lahat ng forms ay maaaring ma *download* sa aming website.”

2. Ilagay sa unang puting sobre na may *label* na **REGISTRATION** ang nasagutan na **Registration Form/Stub**.

3. Ilagay sa isa pang hiwalay na selyadong puting sobre na may *label* na **OFFER TO PURCHASE** ang mga sumusunod:

- 2 Offer to Purchase forms (**Individual OTP** para sa mga *individual* na offeror o **Juridical OTP** para sa company offeror)
- Kopya ng *valid ID/s* ng Offeror
- *Proof of income* ng offeror (para sa *Long Term Installment application*)
- Kopya ng *Special Power of Attorney* at *valid IDs* ng kanyang representative (kung kailangan) - HQP-AAF-121 (V01, 05/2018)
- *Secretary’s Certificate* para sa mga company offeror .

4. Ang mga **offeror** ay maaring mag sumite ng kanyang **offer** ng 1 beses lamang sa bawat isang *property*. Ano man ang **kakulangan, mga pagbura o pagkaka iba-iba ng mga impormasyon sa inyong Offer to purchase forms at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka diskwalipika ng inyong offer/s**. Kaya’t siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.

5. **Huwag mag lagay ng pera sa loob ng sobre.**

6. Ipadala ang inyong **Registration form** at **Offer to Purchase** na naka paloob sa magkahiwalay na selyadong puting sobre sa pamamagitan ng **Courier services** tulad ng Grab Express, Lalamove, Mr. Speedy, Toktok, etc., sa mga sumusunod ng **Pag-IBIG Offices** mula **8:00 a.m. hanggang 4:00 p.m. lamang simula ng June 13, 2022- June 17, 2022:**

Branch	Address	Numero na maaring gamitin para sa Courier Service
Pag-IBIG NCR	Ground Floor JELP Business Solutions Center, 409 Shaw Boulevard, Brgy. Addition Hills, Mandaluyong City	02-8654-1398
Dasmariñas, Cavite	Volets Commercial Building, E. Aguinaldo Hi-way, Dasmariñas, Cavite	09569459868
San Pedro, Laguna	3/F Robinsons Galleria South, Km. 31, National Highway, Brgy. Nueva San Pedro, Laguna	

7. Ang offeror ang siyang babalikang para sa **service fee** ng inyong napiling courier services. Kailangan matanggap ng aming Marketing Officer ang inyong offer to purchase sa takdang oras at araw na nakasaad sa itaas at hindi na maaaring tanggapin ang inyong offer kung ito ay mahuli.

Lahat ay hinihikayat na sumunod sa ating *IATF health protocols* upang maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19 *virus* at ang pag laganap nito.

Maraming Salamat po!